



# Libreng mga Serbisyo ng Interpreter

## MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang paggamit ng de-kalidad na mga serbisyo sa pag-interpret ay kritikal para sa mga taong walang alam o mababa ang kakayahan sa wikang Ingles sa panahon ng COVID-19.

Dapat gamitin ng mga tao ang mga serbisyo ng interpreter kung mayroon nito.

Alamin ang tungkol sa [COVID-19 at mga sintomas nito](#)

## Ano ang mga Free Interpreting Service (*\*libreng serbisyo sa pag-interpret*)?

Ang mga Free Interpreting Service\* ay magagamit mo, kung ikaw ay:

- nasa Australya
- mayroong Medicare card; at
- di-mahusay sa wikang Ingles

## Paano ako makakakuha ng Free Interpreting Service\*?

Ang sumusunod na mga service provider ay makaka-access ng Free Interpreting Service\* para sa iyo:

- mga pribadong medical practitioner (*nagsasanay ng medisina*)
- mga parmasyutiko
- mga organisasyon na hindi pampamahalaan
- mga ahensiya ng real estate (*nagbebenta ng mga bahay, lupa, gusali, etc.*)
- mga lokal na awtoridad ng pamahalaan, tulad ng lokal na mga konseho
- mga trade union (*isang organisadong samahan ng mga manggagawa na nabuo upang maprotektahan at palawakin ang kanilang mga karapatan at interes.*); at
- mga parlyamentarista.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito, tingnan [dito](#).

Maaari kang iugnay ng mga service provider sa itaas sa isang interpreter sa telepono sa loob ng ilang minuto, upang matiyak na makatatanggap ka ng impormasyon at payo sa iyong sariling wika.

## Mga interpreter

Ang serbisyo ng mga interpreter na may kredensyal ng National Accreditation Authority for Translators and Interpreters (NAATI) ang ginagamit. Ang mga interpreter ay dapat sumunod sa mga propesyonal na alituntunin ng etika na nag-aatas sa kanila na:

- mag-interpret ng impormasyon nang wasto at tapat
- panatilihin itong kumpidensyal
- walang kinikilingan at objective (*hindi naiimpluwensyahan ng personal na damdamin o opinyon sa pagsasaalang-alang at kumakatawan sa katotohanan.*); at
- kumilos sa paraang propesyonal sa lahat ng oras.

Ang patakaran ng Free Interpreting Service\* ay ang pagkuha sa serbisyo ng interpreter na may pinakamataas na kredensyal. Ang paghiling sa serbisyo ng partikular na mga interpreter ay hindi hinihikayat sa kadahilanang ito.

## Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng FIS\*?

- Agarang pag-interpret sa telepono. Ang serbisyong ito ay kapaki-pakinabang para sa hindi nakaplanong pag-iinterpret at nagbibigay ng:
  - access sa mahigit sa 3,000 na mga interpreter sa mahigit sa 160 na wika
  - mga serbisyo ng interpreter sa 24-oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
  - pag-ugnay sa isang interpreter sa loob ng ilang minuto ng pagtawag.
- Naka-book na interpreter sa telepono.
  - Ito ay kapaki-pakinabang para sa nakaplanong pag-iinterpret, o kung kailangan mong humiling ng di-pangkaraniwang wika.